REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
# DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES

ESPESYAL NA KAUTUSAN
BILANG 1088
SERYE 1993

AUG 2 7 1993

PAKSA : **Paghirang sa mga Kasapi ng mga organisasyon/pamayanan ng mga Alangan at Iraya Mangyan Bilang mga *Deputized Environment and Natural Resources Officers (DENROS)* ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan (DENR) at ng Pamahalaang Panlalawigan ng Silangang Mindoro**

Alinsunod sa mga pinaiiral na batas, alituntunin at mga regulasyon ng Republika ng Pilipinas tungkol sa kapaligiran at likas-yaman, pati na ang mga kasunduan sa Katibayan sa Pamayanang Pangangasiwa ng Lupaing Gubat (CCFS), ang mga sumusunod na kasapi ng mga samahang katutubo tulad ng Alangan at Iraya Mangyan na matatagpuan sa mga bayan ng Naujan, Calapan, Baco, San Teodoro at Puerto Galera, Lalawigan ng Silangang Mindoro ay KINIKILALA AT HINIHIRANG bilang mga **Deputized Environment and Natural Resources Officers (DENROS):**

1. **Roman TAYWAN**
2. **Yolando SABALLA**
3. **Ignacio LINTAWAGIN**
4. **Maximo LINTAWAGIN**
5. **Cornelio BASA**
6. **Luciano KATAKAO**
7. **Felix SAMSON**
8. **Berto MEDEREZO**
9. **Jose ORFRECIO**
10. **ALfredo LIWANAG**
11. **Gaudencio AGABAYAN**
12. **Cornelio COLES**
13. **Nelson MARTINO**
14. **Pinoy OSCADO**
15. **Peping SANYUAN**
16. **Virgilio BUNSOY**
17. **Johnny SULDAYUNEN**
18. **Felicio AMEN**
19. **Tomas PAGYABANGAN**
20. **Gregorio BUNSOY**
21. **Clemente DALISWIS**
22. **Alejandro PABLO**
23. **Tony CALBAYOG**
24. **Romy POLITICO**
25. **Virgilio BACRUSAN**
26. **Andres UMELMEN**
27. **Gabriel MANDARAYAN**
28. **Benito AGABAYAN**
29. **Marasigan LIPANYUAN**

Sa pamamagitan ng paghirang na ito, sila ay binibigyan ng mga sumusunod na kapangyarihan na maari niyang isagawa sa loob ng kanilang nasasakupan:

1. Magsiyasat ukol sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa mga paglabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng Kagawaran ng Kalikasan at Likas na Kayamanan sa larangan ng pangingisda, **panggugubat,** at pangangalaga ng hangin at tubigan;

YQ-B1-086-3 8/25 yd

2. **UMARESTO** ng mga tao na lumabag, kasalukuyang lumalabag at may balak na gumawa ng labag sa nabanggit na mga batas na kanyang makikita; ito ay maaaring isagawa nang walang kasulatan sa pag-aresto at ayon sa nasasaad sa PD bilang 704, 705 at PD 1181;

3. **MAGKUMPISKA** ng:

   a. mga kagamitan/sasakyan at tulad nito na ginamit sa paglabag sa nabanggit na mga batas/alituntunin; at

   b. mga yamang gubat, dagat/tubig na kinuha at dinala ng mga lumabag sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng DENR.

4. Magbigay katunayan sa mga salaysay ukol sa mga opisyal na mga bagay na may kaugnayan sa mga tungkulin ng DENR; at

5. Kumuha ng mga pinangakuang salaysay o "sworn statement" sa mga opisyal na pagsisiyasat sa ilalim ng mga nabanggit na batas/alituntunin.

Sa lahat ng ito, ang hinihirang na mga "Deputized Environment and Natural Resources Officer" ay inaatasang isakatuparan ang mga sumusunod:

1. Dalhin lahat ng mga nakumpiska, kasama ang mga taong gumawa ng paglabag sa batas/alituntunin, sa loob ng itinakdang panahon ng batas;

2. Gumawa ng nararapat na hakbang upang ang kinakailangang panimulang pagsisiyasat ay maisagawa ng mga taong inatasan ng batas;

3. Ipagbigay-alam sa hukuman ang lahat na mga mahahalagang impormasyon ukol sa mga nagawang hakbang sa pamamagitan ng RED/PENRO/CENRO, na nakakasakop sa kanya bilang "Deputized Environment and Natural Resources Officer";

4. Tutulong sa pag-papaabot ng impormasyon, pagtuturo at pagpapatawag ng mga pulong kaugnay sa pagpapatupad ng mga gawaing ito; at

5. Magpadala ng regular na ulat sa Regional Executive Director ng DENR sa pamamagitan ng nabanggit na CENRO/PENRO tungkol sa lahat ng mga kaso na kanyang nahawakan alinsunod sa kautusang ito.

Ang paghirang na ito ay magkakabisa simula ika-26 ng Agosto 1993 at magtatapos sa ika 26 ng Agosto 1994 maliban na lang kung ito ay baguhin o pawalan ng bisa batay sa mga batas/alituntunin na pinaiiral ng Kagawaran ng Kalikasan at Likas na Kayamanan sa bagay na ito.

ANGEL C. ALCALA
Secretary
Department of Environment
and Natual Resources (DENR)

Sa Rekomendasyon Nina:

Governor RODOLFO G. VALENCIA
Silangang Mindoro at
Chairman, Provincial Project
Steering Committee ng LIUCP
(LIUCP-PPSC)

BEN S. MALAYANG III
DENR Undersecretary
at Alternate Chairman
National Project Steering
Committee ng LIUCP
(LIUCP-NPSC)

RICARDO M. UMALI
DENR Undersecretary for
Natural Resources Management